

Mga operation sa panahon ng taglamig sa Brampton

Ito ang ginagawa ng Lungsod kapag nag-i-snow:

- ✓ **Una, inaasinan at inaararo ng mga crew ang pangunahing mga daan.** Ito ang mga pangunahing daan na nagdadala ng matataas na mga volume ng trapiko, nasa ruta ng Brampton Transit/Züm, o may hiwalay na Peel o pampublikong paaralan sa mga ito.
- ✓ **Kapag natanggalan nan g snow ang mga pangunahing daan, ang mga crew ay mag-uumpisa sa paglalagay ng asin sa pangresidensyang mga kalye.** Ito ang mga kalye sa inyong sambahayan. Ang mga kalye na residensyal ay:
 - aararuhin lamang kapag pinakamababa 7.5 cm (3 pulgada) ang niyebe o snow sa iisang bagyo. Iyan ay diyametro ng isang hockey puck, o mas malaki nang kaunti sa isang cricket ball.
 - hindi nalatagan (not paved) hanggang sa bare pavement tulad ng mga pangunahing daan. Normal lamang na manatili ang ilang snow sa lupa, kahit na naararo na ang kalye.
- ✓ **Inaararo ng mga crew at nilalagyan ng buhangin ang panlibangang trail sa mga parke, at mga sidewalk:**
 - sa isang pangunahing daan
 - sa isang ruta ng Brampton Transit/Züm bus
 - sa harap ng parke o pasilidad ng Lungsod sa likod ng iyong ari-arian
 - curb-faced (walang boulevard ng damo sa pagitan ng bangketa at daan)

Ang lahat ng iba pang mga bangketa ay responsibilidad ng may-ari ng property

Nilalayon ng mga tauhan na mintinahin ang mga daan, mga bangketa at mga trail sa loob ng 24 oras makalipas ang pagwawakas ng pagniniyebe. Maaaring tatagal pa kung napakasama ang kondisyon ng panahon.

Bilang isang residente, narito kung paano ka makagagawa ng kaibahan:

- ✓ Linisin ang bangketa (sidewalk) sa harap at tapat ng iyong bahay bago lumipas ang 11 am sa araw matapos mag-snow.
- ✓ Huwag palahin ang snow mula sa iyong property o pag-aari papunta sa daan o bangketa.
- ✓ Sa araw ng pagkolekta sa basura, tanggalan ng snow ang isang bahagi para sa iyong mga cart sa ibaba ng iyong driveway o sa boulevard sa likod lamang ng curb. Huwag ilagay ang mga ito sa sidewalk o sa daan.
- ✓ Kapag nag-snow, huwag pumarada sa daan hanggang hindi pa ito naasinan o naararo. Hindi mamintina nang maayos ng mga crew ang daan kapag may mga sasakyan doon na nakaparada.

Manatiling konektado!

- ✓ Bumisita sa www.brampton.ca/snow para sa impormasyon sa taglamig, kabilang ang 24/7 na mga update sa pagtanggap sa now.

✓ Sundan ang @CityBrampton sa Twitter at i-like ang City of Brampton sa Facebook